

Ang mga numero ng Census 2010

Ang limang (5) nangungunang lahi, nag-iisang lahi lamang o kumbinasyon ng iba pang lahi:

- Puti 564,323
- Filipino 342,095
- Hapon 312,292
- Native Hawaiian 289,970
- Intsik 199,751

8.9% ng populasyon ay Hispanic o Latino na lahi.

23.6% ng populasyon ay halo-halong lahi.

Ang pangkaraniwang gulang ay **38.6**.

14.3% ng populasyon ay may gulang na 65 at mas matanda pa.

18.5% ng populasyon ay may gulang na 14 at mas bata pa.

Papulasyon ng bawat isla:

- Oahu 953,207
- Hawaii 185,079
- Maui 144,444
- Kauai 66,921
- Molokai 7,345
- Lanai 3,135
- Niihau 170

Ang Papulasyon ng Hawaii Base sa taon ng census

2020	Bibilangin pa!
2010	1,360,301
2000	1,211,537
1990	1,108,229
1980	964,691
1970	769,913
1960	632,772
1950	499,794
1940	422,770
1930	368,300
1920	255,881
1910	191,874
1900	154,001

Inihanda ng 2020 Census Hawaii
Government Complete Count Committee

Department of Business, Economic Development
& Tourism

Research and Economic Analysis Division


Telepono: 808-586-2499

Email: dbedt.census@hawaii.gov

https://census.hawaii.gov/census_2020

Census 2020

Ang iyong pamilya
ay kabilang!
Your Ohana counts!



Ang bawat tao ay mabibilang

Minsang bibilangin ng census ang bawat tao na nananahan sa U.S., minsan lamang, at sa tamang lugar.



United States
Census
Bureau

Ang Census: Ang Snapshot

Ano: Ang census ay siyang pagbibilang ng bawat tao na nananahan sa Estados Unidos. Ito ay pangungunahan ng U.S. Census Bureau.

Sino: Kailangang bilangin lahat ang taong nananahan sa U.S.— lahat ng lahi at etnikong grupo, citizen man o hindi -citizen.

Kailan: Ang Census Day ay sa Abril 1, 2020. Ang mga sagot sa mga katanungan ay kailangang inilalarawan ang kasalukuyang pamilya.

Bakit: Hinihiling ng U.S. Constitution na gawin ang national census minsan sa bawat sampung (10) taon. Ipapakita ng census ang bilang ng papulasyon ng estado at para malaman kung ilan ang kailangan na kinakatawan sa U.S. House of Representatives.

Paano: Ang mga katanungan sa census ay kailangang maipadala sa bawat tahanan sa pamamagitan ng U.S. mail nitong Marso 2020. Maaari nilang sagutin ang census sa online, telepono o ipadala sa korreo ang nasagutang questionnaire. Ang pamilyang di tutupad dito ay bibisitahin ng manggagawa ng census.

Ang iyong mga datos ay kumpidensyal

Protektado ng batas pederal ang mga sagot mo sa census. Ang mga sagot mo ay gagamitin lamang para makakuha ng statistics.



United States
Census
Bureau

Ang lahat ay Kumpidensyal

Nakadepende ang census sa iyong kooperasyon at pagtitiwala. Ang Title 13 ng U.S. Code ay prinoprotektahan ang pagkumpidensyal ng iyong impormasyon. Ang pagsuway sa batas na ito ay isang krimen na may mabigat na parusa.


Ang iyong impormasyon ay **hindi maaaring** ipamahagi sa mga immigration enforcement agencies o law enforcement agencies. **Hindi** ito **maaaring** gamitin para malaman kung ikaw ay lehitimo para sa mga benepisyo ng gobyerno tulad ng food stamp. **Hindi** ito **maaaring** ipamahagi sa mga lokal na gobyerno, kapitbahay, o sa mga amo na tinitirhan.

Kailanman ay hindi maaaring ipahayag ang pribadong impormasyon. Isang pagsuway sa batas ang paglalahad o pagpapahayag sa alinman sa mga sumusunod:

- Mga pangalan
- Mga Address
- Mga numero ng Telepono

Ang pakikibahagi ay obligasyon mo sa iyong bayan

Kailangang kumpletuhin mo ang census: isa itong paraan para makibahagi ka sa ating demokrasya at sabihing "AKO AY KABILANG!"



United States
Census
Bureau

Bakit Mahalaga ang Census

Para sa Congressional seat: Ang mga resulta ng census ay gagamitin para malaman kung ilang kinakatawan ang makukuha para sa bawat estado sa House of Representatives.

Para sa Pederal na pondo: Bawat taon, daang-daang bilyones ng dolyar ang inilalaan para sa mga lokal na gobyerno, nonprofit na organisasyon, at sa mga negosyo base sa datos ng census. Ang mga pondong pederal na ito ay tutulungan ang ating mga anak na makapag-aral, panatilihin malusog ang mga matatanda, at suportahan ang mga nangailangang komunidad natin.

Para sa Redistricting: Tuwing matatapos ang census, ang mga resulta ay gagamitin ng mga opisyal ng estado para tingnan ang hangganan ng mga congressional at state legislative districts, base sa pagbabago ng papulasyon.

Para sa pagpapalano ng kinabukasan: Ang mga datos ng census ay tutulungan ang ating gobyerno kung papaano sila magplano para sa edukasyon, disaster relief, transportasyon, kalusugan ng publiko, at pagtulong sa komunidad.